



Republic of the Philippines
Department of Environment and Natural Resources
MIMAROPA Region
**MTS. IGLIT-BACO NATURAL PARK
PROTECTED AREA MANAGEMENT BOARD**



**KATITIKAN NG UNANG REGULAR NA PAGPUPULONG NG MIBNP-PAMB NA
GINANAP NOONG IKA-17 NG PEBRERO TAONG 2021, SA PAMAMAGITAN NG
VIRTUAL CONFERENCE AT HARAPANG PAGPUPULONG SA AROMA FAMILY
HOTEL AND RESORT COMPLEX, SAN JOSE, OCCIDENTAL MINDORO.**

A. Panimulang Gawain

Nagsimula ang pagtatala ng pangalan ng mga dumalo para sa harapang pagpupulong at pagtanggap sa makikibahagi sa video conference via zoom application dakong 08:30 ng umaga. Isa isang binati ni PASu Diosdado D. Torrado ang mga miyembro ng PAMB na makikibahagi sa video conference at harapang pagpupulong.

MGA DUMALO:

(Tingnan ang Listahan ng mga Dumalo sa PAMB Meeting sa Annex A).

1. Pambungad na Panalangin

Pormal na binuksan ang pagpupulong dakong ika-10:00 ng umaga. Pinasinayaan ang itinakdang regular na pagpupulong ng PAMB sa pamamagitan ng panalangin at pambansang awit sa pamamagitan ng isang presentasyon.

2. Pagpapaunlak sa mga Dumalo.

Ang pagpapaunlak sa dumalo ay ginampanan ni Assistant PASu/Concurrent TCP Coordinator Neil Anthony Del Mundo. Binati niya ang mga dumalo at pinasinayaan ang pagdadaos ng unang regular na pagpupulong ng PAMB para sa taong kasalukuyan.

3. Pananalitang nagbibigay sigla o inspirasyon.

Sa pagbibigay ng mensaheng nagbibigay sigla ni RED Ma. Lourdes Ferrer, binati ang mga panauhing at miyembro ng PAMB na dumalo. Sinabi rin niyang marami pang dapat gawin sa Mts. Iglit-Baco Natural Park. Sinabi niya rin na isa ito sa pinakamagandang Protected Area dahil na rin sa napakaaktibo nitong PAMB na laging nagtutulungan kapag may problema. Sinabi rin ni RED Ferrer na ang PAMB Meeting ng MIBNP ang lagi niyang tinututukan dahil una, para sa paggawa ng mga batas sa PA. At pangalawa ay dahil nandito ang tamaraw na isang endangered species. Dapat mapangalagaan ang Protected Area hindi lamang para sa biodiversity conservation kundi para na rin sa susunod na henerasyon upang may makita pa ring tamaraw at para na rin sa mga kapatid nating katutubo.

B. Karampatang Pagpupulong

1. Pagkilala sa mga kasaping dumalo at pagtiyak ng Korum

Matapos masiyasat at kilalanin ng secretariat ang bilang ng mga kasapi ng PAMB na dumalo sa harapang pagpupulong at via zoom, napag-alaman na may labing walo (18) na miyembro ng PAMB ang dumalo. Idineklara ni PASu Diosdado Torrado na nasa korum ang pagpupulong dahil nakatugon sa patakarang 50% + 1 ang bilang ng dumalo

ayon sa 35 na opisyal na bilang ng PAMB na nahahayag sa naamyendahang batas-NIPAS, sa ilalim ng Republic Act No. 11038 ng 2018.

2. Pagtawag sa kaayusan ng pagpupulong

Matapos mapag-alaman na ang nagaganap na pagpupulong ay nasa korum, ibinigay ni PASu Diosdado Torrado ang pangunguna sa PAMB Chair, RED Ma. Lourdes Ferrer.

3. Pagpapatibay sa Nakahaing Usapin o Agenda (Order of Business)

Hiniling ng tagapanguna na ipakita ang mga listahan ng mga nakahaing usapin. Isa isang binasa ang mga usapin at tinanong ang mga miyembro kung mayroon silang nais ibawas o idagdag sa mga nakahaing usapin.

Hiniling ni Bb. Daisy Gongora, kapitan ng Barangay Poypoy, Calintaan, na isama sa nakahaing usapin ang patungkol sa nangyayaring pagkuha ng malalaking bato mula sa Protected Area. Hiniling din ng representante mula sa LGU Calintaan na pag-usapan ang patungkol sa pagsasara ng Protected Area lalo na sa parte ng Magtangcob River. Nagkaroon rin ng suhestiyon si G. LP Cordova na isama sa nakahaing usapin ang patungkol sa pagbuo ng mga Technical Working Committee mula sa hanay ng PAMB na tututok sa mga usapin.

Ang nakahaing usapain ay agad na sinusugan ni Bb. Grace Diamante, mula sa MBCFI at pinagalawahan ni G. Glimar Gaspar mula sa OMSC.

4. Pagbasa at pagtitibay sa katitikan ng nakaraang pagpupulong.

Muling binasa at binalikan ng mga miyembro ng PAMB ang minuto ng nakaraang pagpupulong. Nagkaroon ng komento si G. Allan Lumawig, representante mula sa tribong Tau Buid ukol sa pahayag ni CENRO Efren Delos Reyes na walang nasasakupang CADC o CADT ang gagawing proyektong SWIS sa Barangay Tanyag, Calintaan, Occ. Mindoro. Sinabi niyang mayroon itong nasasakupang CADC ngunit hindi naman sila umaayaw o humahadlang sa nasabing proyekto. Nagkaroon rin ng pagtatama si MENRO Robert Duquil tungkol sa kanyang naging pahayag sa minuto ng nakaraang pagpupulong. Sinabi niyang sa kasalukuyan ay mayroon ng dalawang personnel ng nagpapatrol sa Aruyan Malati at sa taong 2022 ay isasama nila sa budget proposal ng MENRO ang paghahire ng karagdagang dalawang ranger para sa MIBNP.

Matapos ang mga paglilinaw sa minuto ng nakaraang pagpupulong, sinabi ng tagapanguna na kung mayroon pang ibang pagtatama sa minuto ay ipadala na lamang ito sa PAMO.

5. Mga usaping nakalap mula sa katitikan ng nakaraang pagpupulong.

Muling binalikan ng tagapanguna ang mga naging kasunduan sa bawat usapin base sa minuto ng nakaraang pagpupulong. Patungkol sa proyekto ng DPWH, napagkasunduan sa nakaraang pagpupulong na magpapidala ng komunikasyon sa opisina ng District Engineering Office at ida-draft ito ng PAMO, pipirmahan ng PENRO at copy furnished ang regional office. Ipapaloob sa komunikasyong ito ang mga requirements na kinakailangan para sa kanilang ginagawang proyekto kasama na dito ang mga mapa (MIBNP, CADC, CADT at DPWH project), feasibility study, Rapid assessment sa pakikipagtulungan sa PAMO, Timber Inventory at FPIC mula sa NCIP. Ang unang tatlong (3) Requirement ay dapat makompleto sa loob ng dalawang (2) linggo, at ang Timber Inventory ay dapat isagawa at maipasa bago matapos ang unang kwarter ng taong 2021. Ang FPIC ay dapat masimulan agad dahil may katagalan ang pagpoproseso nito.

Sinabi ni PASu Diosdado Torrado na nakapagpadala na ng sulat sa PENRO noong unang linggo na Pebrero. Sinabi ng representante ng PENR Office na ito ay napirmahan na at naipadala na rin sa District Engineering Office ng DPWH.

Patungkol sa Proposed Construction of Small Water Impounding Structure (SWIS) ng DENR-CENRO San Jose, ito ay naaprubahan na sa nakaraang pagpupulong sa mosyon ni G. LP Cordova na pinangalwahan ni Bb. Grace Diamante. Sinabi ni PASu Diosdado Torrado na mayroon nang ginawang resolusyon ang PAMO ngunit hindi pa nagsisimula ang konstruksyon ng proyekto sa ngayon.

Patungkol naman sa update ukol sa Inter-Agency Meeting para sa unti-unting pagpapalabas ng mga ranchero mula sa MIBNP, hiniling ni Bb. Grace Diamante noong nakaraang pagpupulong na maidagdag ito bilang agenda sa bawat regular na pagpupulong ng PAMB upang malaman ang status at nagiging development ukol dito. Sinabi ni RED Ferrer na kasama na ito sa nakahaing usapin at ito ay tututukan rin niya.

Patungkol naman sa posibilidad ng muling pagbubukas ng Mts. Iglit-Baco Natural Park para sa mga bisita at iba pang gawaing panturismo, nagbigay ng update si Assistant PASu/ TCP Coordinator Neil Anthony Del Mundo. Sinabi niyang ang head ng Inter-Agency Task Force ng Occidental Mindoro ay si Governor Gadiano. Isa sa mga requirements para sa pagbubukas ng Tourism Activities ay ang Resumption Plan at sulat para kay Governor Gadiano na humihiling na payagan na ang pagbubukas ng MIBNP. Hiniling niya sa PAMB na maghanda ng resolusyon ukol sa muling pagbubukas ng parke. Kailangan ring gumawa ng Resumption Plan na ipepresenta sa susunod na PAMB Meeting. Hiniling ni Bb. Grace Diamante na magkaroon agad ng pagpupulong dahil matagal pa ang susunod na pagpupulong ng PAMB. Napagkasunduan na pag-uusapan ito sa gagawing workshop o maaaring magkaroon ng special meeting para dito.

Patungkol naman sa Work and Financial Plan for CY 2021, napagkasunduan na sa susunod na pagpupulong ay ipapakita ang pangkabuuang Work and Financial Plan para sa taong 2022.

C. Pagtalakay sa mga Nakahaing Usapin o Agenda (Order of Business)

1. Presentation on the Result of 2nd Semester 2020 BMS Reading and Recommendations on the 1st Semester 2021 BMS Reading.

Ipinresenta ni Assistant Pasu Niel Anthony Del Mundo ang naging resulta ng ginawang Second Semester Biodiversity Monitoring System Reading noong nakaraang August 2020. Sa kanyang presentasyon, ibinahagi niya na ang BMS ay mayroong dalawang layunin. Una ay upang mapabuti ang magagamit na impormasyon para sa mga gumagawa ng desisyon sa Protected Area sa pamamagitan ng regular na koleksyon ng datos sa Natural Biological Resources at kanilang utilisasyon. Ang pangalawang layunin ay upang mapabuti ang pakikilahok ng mga pamayanan sa pamamahala ng Protected Area. Ibinahagi rin ni G. Del Mundo ang mga pamamaraan na ginagamit sa BMS. Ang una ay ang Focus Group Discussion kung saan nagkakaroon ng pakikipag-usap sa mga representante mula sa komunidad. Pangalawa ay ang Field Diary ng ginagawa ng mga Field Staff ng PAMO, pangatlo ay ang Photo Documentation at ang huli ay ang Transect Walk.

Sa ginawang Focus Group Discussion, ang species na pinakamaraming naobserbahan ng mga miyembro ng Community Monitoring Group ay ang Punay (*Ducula Aena*) na may kabuuang bilang na 280. Sa yamang-gamit naman, ang pinakamaraming nakuha ng komunidad ay ang Nami. Isa itong uri ng root crops na kinakain pagtapos ng ulan. Pangalawa ay ang bagto na ginagamit sa paggawa ng bahay,

na sinundan ng cogon sa paggawa ng bubong, buli, kawayan, hinggiw, nap-nap na isang uri ng kawayan, tapikan, irok palm at rattan.

Patungkol sa mga isyung naobserbahan, ang unang ibinahagi ng CMG members ay ang pagkonti ng Cogon at Kans Grass dahil sa pagdami ng Siam Weed at pagguho ng lupa. Ang rekomendasyon ng CMG para bumalik ang cogon at kans grass ay sa pamamagitan ng pagsusunog ng invasive na Siam Weed. Isinuhestyon rin nila na magkaroon ng pag-aaral kung paano mawawala ang Siam Weed. Pangalawang isyu na naobserbahan ay ang presensya ng bullfrog na nagreresulta sa pagliit ng bilang ng ibang native species sa lugar. Hiniling nila na magkaroon ng pag-aaral kung paano mapababa ang pagdami nila. Pangatlong isyu ay ang pagkaunti rin ng mga isda sa mga ilog. Ilan sa nabanggit na kadahilanan ay ang paggamit ng pangkuryente, pagdadala at paglalason sa ilog ng mga siganon o hindi katutubo. Hiniling ng mga CMG member na pagbawalan ang mga siganon na mangisda sa ilog lalo na sa kanilang lupaing ninuno. Ibinahagi ni Asst. PASu Del Mundo na ito ay inaksyunan na ng PAMO Staff at TCP sa pamamagitan ng paglalagay ng bantay sa ilog na mga warden mula din sa Tribo.

Sa datos ng Field Diary na nakalap sa pagpapatrolya ng PAMO at TCP Staff, ang pinakamataas na naobserbahan sa monitoring species sa 2nd semester 2020 ay ang Tamaraw. Marami ring naobserbahang mga ibon at iba pang large mammals. Sa photo documentation, ipinakita rin ni Asst. PASu Del Mundo ang mga litrato mula sa natukoy na apat na site sa MIBNP. Ipinaliwanag ni Asst. PASu Del Mundo na pinagkukumpara ang dalawang litrato upang makita kung ano ang itsura ng lugar sa panahon ng tag-init at panahon ng tag-ulan. Makikita sa litrato na mas berde ang litrato na kuha noong nakaraang Agosto samantalang sa litratong kuha sa buwan ng Pebrero ay medyo brown o mas kaunti ang vegetation.

Ang huling pamamaraan sa Biodiversity Monitoring System Reading ay ang Transect Walk. Sa kasalukuyan ay mayroong limang Transect Site sa MIBNP ngunit mayroong proposal na madagdagan ito dahil nasa mahigit 100, 000 hectares ang parke at hindi sapat ang limang transect upang matukoy ang kalagayan ng buong parke. Ang kasalukuyan limang transect ay ang Bayokbok-Iyan, Magawang-Nagbobong, Fukurato-Fangandatan, Bulo Creek-Medalla Hill at ang Dalipi-Bayanan. Sa resulta ng 2nd Semester Transect Walk, pinakamarami ay ang Philippine Bulbul at ang pangalawa ay Tamaraw. Base sa resulta ng Shannon-Wiener index, masasabing mataas pa rin ito at sumasalamin sa mataas na bilang ng mahahalagang buhay-ilang sa lugar. Sa top 10 monitoring species, ang pinakamarami ay ang tamaraw at chestnut munia.

Sinabi rin ni Asst. PASu Neil Anthony Del Mundo na sa mga nakaraang BMS Reading, ang miyembro ng CMG ang nagbibigay ng rekomendasyon para sa management action. Ngunit sa dumating na memorandum mula sa BMB, ang dapat magbigay ng rekomendasyon ay ang PAMB. Kaya naman ipinresenta na rin niya ang mga isyung naobserbahan ng Community Monitoring Group Members mula sa Focus Group Discussion na ginanap kaugnay ng Biodiversity Monitoring System Reading para sa unang semester ng taong kasalukuyan.

Ang unang isyu na sinabi ng CMG Members para sa unang Semester ng Focus Group Discussion ay ang kumukonting bilang ng Uway o Rattan sa kanilang lugar. Sinabi ng mga katutubo sa Focus Group Discussion na kung minsan, marami ang inilalabas na mga uway kaya nagkakaubusan ng resources at wala silang supply ng seedling. Hiniling ni Assistant PASu Del Mundo na kung maari, ang target sa BCAMP na Communal Model Agro-Forestry ay gawing parang Integrated Agro-forestry na nakapokus sa uway o Rattan. Nagkaroon naman ng suhestiyon ang PAMB Chair na maaari ring magtarget ng NGP sa lugar na iyon. Ang rattan ay mabubuhay sa mga nakatayong puno at parang integrated forestry model ang gagawin pandagdag sa BCAMP

dahil ang target ng BCAMP ay isang ektarya lamang. Ayon pa sa PAMB Chair, maaaring pakiusapan ang CENRO at PENRO kung pwedeng magamit ang mga NGP nila.

Ang pangalawang isyu na tinukoy ng CMG members ay ang kumukonting bilang ng mga isda at suso (snails) sa mga ilog dahil sa mga lason na ginagamit sa mga palayan. Binanggit ni G. LP Cordova na maroon nang napag-usapan sa PAMB patungkol sa illegal na pangangisda, lalo na ang pagkukuryente sa loob ng Protected Area. Binanggit din niya na ang Department of Agriculture ay may panuntunan na ipinagbabawal ang paggamit ng kemikal partikular sa loob ng Protected Area. Isinuhestyon ng PAMB Chair na pag-usapan ito sa lebel ng LGU at barangay dahil mayroon ng ordinansa patungkol sa pangunguryente at paggamit ng pesticide sa mga ilog. Maaari rin nilang hilingin na ipagbawal ang paggamit ng pesticides, insecticides at kahit natural na pesticides sa mga sakahan sa loob ng Protected Area. Magkaroon ng konsultasyon sa mga magsasaka at lokal na pamahalaan kung maaaring organic farming ang gagawin. Hiniling din ng tagapanguna na magkaroon ng konsultasyon ang PAMO sa Department of Agriculture at LGU dahil nakasalalay dito ang produksyon ng palay at iba pang pagkain. Ibinahagi naman ng representante ng LGU Calintaan na may ginagawa na silang resolusyon patungkol dito. Hiniling ng tagapanguna na magawa na ang resolusyon at simulan na rin ang mga konsultasyon para sa susunod na pagpupulong ay maipresenta ang resulta. Malawak ang usaping ito at nakasalalay ang kabuhayan ng mga tao kaya napakahalaga ng mga gagawing konsultasyon ukol sa isyung ito.

Ang pangatlong isyung nabanggit ay patungkol sa presensya ng mga non-native specie sa lugar. Ito ay naging isyu na rin sa nakaraang pagsasagawa ng focus group discussion. Hiniling ni Forester/CDD Chief Rodel Boyles na lagyan ng scientific name ang mga non-native species na tinutukoy. Isinuhestyon rin niyang obserbahan kung bakit maraming herons sa lugar upang magkaroon ng intervention na maaaring gawin. Inirekomenda rin ng PAMB na magkaroon pa ng ibang pag-aaral ukol sa mga non-native species na nakita sa lugar.

Isa pang isyu na natukoy mula sa field diary ng mga field staff ay ang patuloy na pagdami ng bungarngar (*Chromolaena odorata*) sa lugar. Isa sa pangunahing dahilan nito ay dahil grassland ang lugar. Mayroon na ring mga ginagawang pag-aaral kung paano maaalis o mawawala ang mga bungarngar sa lugar.

Matapos ang presentasyon, nagkaroon ng kahilingan si CDD Chief Rodel Boyles na kapag magpepresenta ng resulta ng BMS ay maipakita ang comparative data ng nakaraang dalawang taon upang malaman kung ano ang dahilan ng pagkaunti at pagdami ng species at ano ang nagcontribute sa mga nakita. Mahalaga rin aniya ang comparative data upang magkaroon ng analysis at makagawa ng proper management action plan. Hiniling rin niya na ilagay ang mga scientific name ng mga species at resources na nabanggit at kung maaari ay maglagay rin ng litrato ng mga likas yaman na endemic o dito lamang sa parke matatagpuan.

Nagkaroon rin ng katanungan si RED Ferrer kung mayroong data ng baseline information tungkol sa mga species na matatagpuan sa parke kaya ito naideklarang Mts. Iglit-Baco Natural Park. Ayon sa kanya, importanteng malaman kung may napupuntahan ba ang mga pondong inilalagay sa MIBNP. Mahalaga ang baseline data na nanggaling sa Protected Area Suitability Assessment upang kapag nagpepresenta ng BMS, makikita agad ang trend kung nag-iimprove ba o hindi. Kailangang napapanatili ang wildlife at biodiversity na nasa loob ng Protected Area. Kailangan ring malaman kung paanong nakakapasok ang mga heron at bullfrog sa loob ng parke. Maaring kumuha ng eksperto upang matukoy ang mga invasive species at magkaprograma kung paano mawala o matanggal ang mga ito at kung bakit nila natatalo ang mga native species na likas sa lugar.

2. Tamaraw Population Count for 2021

Ipinresenta ni Assistant PASu Neil Anthony Del Mundo ang tungkol sa gaganaping Annual Tamaraw Population Count sa darating na April 10-17, 2021. Ibinahagi niyang limitado na lamang sa limampung(50) mga kalahok ang kasali para sa pagbibilang ngayong taong ito. Ang mga kalahok ay mula lamang sa mga lokal ng Occidental Mindoro at mga empleyado ng DENR. Ito ay bilang pagsunod sa kahilingan ng mga katutubo dahil hanggang sa ngayon ay takot pa rin sila sa mga bisita mula sa labas ng probinsya. Ang limampung(50) kalahok ay binubuo ng 16 TCP Rangers/Staff, 15 PAMO Staff, tiglimang representante mula sa CENRO San Jose at CENRO Sablayan at limang representante rin mula sa PENRO. Ang pamamaraang gagamitin sa pagbibilang ay Simultaneous Multi-Vantage Point Count na kapareho pa rin ng ginagamit mula pa noong 2000. Ibinahagi rin niyang mayroong reduction plan kaugnay sa pagsusunog na ginagawa at sa ngayon nga ay 80% na lamang ang susunugin sa area. Ibinahagi rin niyang ang pagsusunog na ginagawa ay parte sa kultura ng mga katutubo.

Matapos ang presentasyon, nagkaroon ng komento ang bisita mula sa LGU Calintaan patungkol sa pagsusunog na ginagawa dahil ayon sa batas, ito ay ipinagbabawal lalo na sa mga kabundukan. Sinabi ni Asst. PASu/TCP Coordinator Del Mundo na kaya gumawa ng reduction plan ay upang mabawasan ang pagsusunog. Ngunit kung titignan ang bayolohikal na aspeto ng tamaraw, kailangan nila ang mineral na asin na nakukuha pagtapos magsunog. Sa kasalukuyan, patuloy pa rin ang pag-aaral ukol dito.

Itinanong naman ng representante ng Tau-Buid mula sa parte ng Oriental na si G. Lagtum Pasag kung ang pag-aaral ay nasa restricted area at kung walang pamayanan ng Tau Buid doon. Isinuhestyon niya na kung mayroong pamayanan ay isama ang mga Tau-Buid at ipaliwanag sa kanila ang gagawing pag-aaral upang malaman kung ito ba ay nasa ipinagbabawal na lugar o kung nasa loob ng CADC. Nakalagay rin sa ENIPAS na ang katutubong kaugalian ay iginagalang ng batas.

Sinabi ni Asst. PASu Neil Anthony Del Mundo na sa pagsasagawa ng BMS ay kasama ang ating mga kapatid na katutubo o may representante mula sa komunidad. Ang mga miyembro ng Community Monitoring Group ay mula sa tribo ng Tau-Buid. Sila ang tinatanong at kinokonsulta kung ano ang mga hayop at halaman ang kanilang naobserbahan, anong yamang-gamit ang kanilang kinukuha sa parke at anong mga isyu ang kanilang kinakaharap sa loob ng Pinangangalagaang Pook. Sa BMS Transect Site naman, apat ang nasa loob ng core habitat at isa ang nasa labas. Sa loob ng core habitat ay walang pamayanan ng Tau-Buid.

Nagkaroon ng suhestiyon si G. LP Cordova patungkol mga taunang programa na may kaugnayan sa pamayanan. Sinabi niyang maari itong tutukan ng community o technical working group na ang pokus ay sa IP at ICC participation. Maaari ring mag-apply ng Certificate of Precondition ang PAMB sa NCIP kung saan lahat ng taunang programa at aktibidad sa management plan kasama ang Tamaraw Counting ay maaprubahan sa isa lamang na pagpupulong.

Sumang-ayon ang tagapanguna sa naging pahayag ni G. LP Cordova at hiniling niya na bumuo ng komite na magpupulong kasama ang NCIP at mga katutubo. Sinabi niyang kailangang magkatugma ang ADSDPP at PAMP dahil mayroong CADT sa loob ng Protected Area. Sinabi rin niyang kailangang iadopt ng Local Government Unit ang PAMP para sa paggawa ng Comprehensive Land Use Plan para sa kanilang area na nasa loob ng PA. Isinuhestyon niya na gumawa ng isang komite na titingin sa concern ng mga katutubo at pangangailangan sa FPIC dahil kapag CADT ay kailangan talaga ng pagpapaalam.

3. Presentation on the Rapid Ecological Survey for the DPWH Project within the Protected Area.

Ipineresenta ni ECOMS 1 Jan Lloyd Balon ang resulta ng Rapid Assessment sa ginagawang proyekto ng DPWH sa loob ng Protected Area. Sinabi niyang ginawa nila ang assessment bilang tugon sa rekomendasyon ng PAMB sa espesyal na pagpupulong noong January 21, 2021. Ang Rapid Assessment ay ginawa sa 1.22 kilometrong daan na dating nagkokonekta sa Barangay Manoot sa Rizal at Barangay Poypoy sa Calintaan. Ang susunod na proyekto na DPWH ay gagawin sa Sitio Alipundo, Brgy. Tanyag sa loob ng MIBNP.

Sa ginawang rapid assessment, pinaghiwalay ang composition ng mga halaman at hayop. Sa mga halaman, sila ay sinukat sa pamamagitan ng occurrence at richness ng species. Ang mga hayop naman ay sa pamamagitan ng conservation status. Pinag-aralan rin ang mga halaman base sa kanilang physiognomy o arrangement sa lugar. Nagkaroon ng decision rule na kapag may endangered o keystone species ay hindi na dapat ipagpatuloy ang ginagawang konstruksyon ng DPWH. Ang keystone species ay isang halaman o hayop na may mabigat na ginagampanan sa ekolohiya.

Base naman sa imbentaryo ng mga puno, ang pamamaraan na ginamit ay galing sa FMB Technical Bulletin No. 3. Kapag ang punong pinutol ay naturally growing, ang replacement ay 100 seedling at kapag planted naman ay papalitan ng 50 seedling base na rin sa DMO 2012-02. Sa ginawang imbentaryo ng puno, makikita dito ang volume na maaaring iturn-over sa CENRO San Jose pagkatapos maputol ng DPWH.

Ipinakita ni G. Balon ang mapa kung saan ginawa ang rapid assessment. Sinabi niyang sa 1.22 kilometrong proyekto ng DPWH, ang kabuuang lugar na kanilang na assessed ay umabot sa 2.26 ektarya dahil isinama ang sampung metro sa magkabilang gilid ng kalsada para sa mga heavy machine operation ng DPWH. Ginawa ang assessment sa Sitio Yuga at Calamansian kasama ang mga TCP Rangers na naging malaking tulong para sa pagtukoy ng mga ibon at puno na makikita doon.

Sa resulta ng ginawang assessment, mayroong 14 major tree species na kabilang sa 11 plant families at binubuo ng 89 individuals. Ang pinakadominating species ay ang Taluto o *Pterocymbium tinctorium* na umabot sa 47 out of 89 individuals na nakita sa area. Sinundan ito ng Akleng-parang o *Albizia procera* (tinatawag ding Anapla) na umabot sa 17.98% ng kabuuang bilang ng mga puno na nakita. May anim na species rin na may tig-iisang individuals ang nakita at ito ay ang buri, tsaang gubat, binunga, marango, igyo at big leaf mahogany. Base sa Technical Bulletin No. 3, 88 out of 89 na nakitang puno ay naturally growing. Ang *Swietenia macrophylla* na nakita sa area ay posibleng itinanim. Sa under-storey, makikita ang mga halaman na ginagamit sa paggawa ng handicrafts gaya ng Nito, Pugahan, Napnap at Buri. Ang naging general assessment sa area ay secondary growth forest na nakaranas ng disturbance at sa kasalukuyan ay tinatry na magrecruit ng ibang mga species. Ang area ay dominated na ng cogon at very low ang diversity. Sa lower portion ng lugar ay mayroong mga sakahan at kaingin.

Sa animal species, nakapag-identify ng 14 bird species at isang reptile species na mayroong limang indibidwal. Sa mga ibon, ang pinakamaraming nakita ay Pygmy Flowerpecker (*Dicaeum pygmaeum*) na mayroong walong indibidwal, sinundan ng Phil. Bulbul (*Hypsipetes philippinus*) at Philipphine Coucal (*Centropus viridis*) na mayroong tig-limang indibidwal at Blue-throated Bee-eater, Red Junglefowl, White Breasted Waterhen and Wood Swallow na mayroong tig-iisang indibidwal. Base sa IUCN Red List noong 2013, ang lahat na nakitang hayop ay nasa kategoryang Least Concerned at 50% ng nakitang avian species ay Philippine Endemic. Ang nasabing lugar ay naging pahingahan na ng mga ibon dahil makapal ang vegetation at ang mga area sa paligid nito ay naconvert na sa sakahan kaya may importance ito bilang ecological corridor.

Base sa ginawang tree inventory, mayroong 89 na puno na maaaring putulin ng DPWH. Mayroon itong 168.41 cubic meter o 71, 366 board feet volume na makikita sa area. Kung ang criterion lamang ay base sa presensya ng endangered at keystone species, masasabing maaaring magpatuloy ang proyekto. Dahil 88 ang native trees at isa lamang ang itinanim, dapat makapagbigay ng at least 8, 850 seedling of native tree species ang DPWH at ang mga kahoy mula sa mapuputol na puno ay ituturn over sa CENRO San Jose. Kailangan ring simulan ng DPWH ang feasibility study ng area patungkol sa potential benefits upang malaman kung sapat ito sa kapalit na mawawalang ecology room para sa mga hayop at halaman sa lugar.

Matapos ang presentasyon, nagbigay ng komento si MENRO Robert Duquil tungkol sa dalawang ibon. Una ay ang Grey- streaked flycatcher dahil hindi ito native kundi migrant at ang pangalawa ay ang Philippine bulbul. Sinabi niya na icheck muli kung ito ay Philippine Bulbul o Mindoro Bulbul dahil kung Mindoro Bulbul ay endemic ito.

Hiniling naman ng PAMB Chair na magdesisyon ang kapulungan kung papayagan ang proyekto dahil ayon sa presentasyon, walang nakitang endangered species at ang naroon lamang ay may kategoryang least concerned. Nagkomento rin si G. LP Cordova na ito na ang pang-apat na beses na pinag-uusapan ang tungkol sa pag-aaprubang proyekto ng DPWH.

Sinabi naman ni Bb. Grace Diamante na nabanggit sa presentasyon na mayroon pang 500 metro na hindi nacover at kung susumahin ay nasa 41% pa ito ng kabuuang area. Nais nya ring tignan muli ang conservation status ng mga ibon at invalidate ang data halimbawa na lamang ang Philippine Coucal dahil sa MIBNP lamang nakikita ang Black Hooded Coucal. Sinagot ni Asst. PASu Del Mundo na sa species identification ay mayroon silang mga litrato. Patungkol naman sa conservation status, titignan nilang muli ito base sa 2018 Philippine Wildlife List at ibibigay ang report sa PAMO at PAMB.

Muling nagkaroon ng katanungan si Bb. Diamante kung ano ba ang stand ng PAMB patungkol sa proyekto ng DPWH. Sinabi niyang nanggaling siya sa area at nakita niyang tuloy tuloy ang paggawa dito. Dapat bang nakatigil ang proyekto o tuloy pa rin ito habang kinukumpleto nila ang mga requirements. Sinabi ni G. LP Cordova na napag-uusapan sa PAMB na habang pinag-aaralan at kinukumpleto nila ang requirements ay tigil proyekto muna. Maaaring ang napuntahang area ay ang karugtong ng tulay at ang hinihingan ng permit ng DPWH ay wala pang nasisisimulan.

Nagkaroon rin ng katanungan si MENRO Robert Duquil tungkol sa mga puno kapag naputol na. Kung ito ba ay sa disposition ng PAMO at kung idadaan pa ito sa PAMB o ituturn over na ito sa CENRO San Jose. Sinabi ni G. LP Cordova na sa kaso ng Mts. Iglit-Baco Natural Park ay pwedeng pag-usapan ito. Maaari itong magamit ng PAMO at gagawa ng resolusyon ang PAMB na ibibigay ang disposition o ituturn over ito sa PASu. Muli niyang tinanong ang mga miyembro ng kapulungan kung bibigyan na o papayagan na ang hiling na permit ng DPWH.

Nagbigay ng pahayag si BB. Grace Diamante na isa lamang ang Rapid Assessment sa mga requirement na ibinigay nila sa DPWH. Nagbigay din ng pahayag si Forester Rodel Boyles na kung magbibigay ng resolusyon para sa pagpapatuloy ng proyekto, mayroon pang checklist at permit na sa regional office pipirmahan. Ang pagbibigay o pagpayag sa proyekto ay clearance lamang at may mga dokumento pa ring kailangang ipasa ang DPWH tulad ng inventory ng stand and stock table. Sa kaso ng disposition ay walang problema dahil pagkakasunduan lamang ito ng PASu at CENRO. Kapag naturally grown ang puputulin ay sa Regional Office ito pipirmahan. Kung papayag ang PAMB na magpatuloy ang proyekto, maari nila itong bigyan ng clearance. Ngunit ang mga natitirang requirements tulad ng mula sa NCIP o mga permit for tree cutting ay

dadaan pa sa ibang proseso. Kung papayag ang PAMB ay ang Rapid Assessment lamang ang magiging basehan ngunit gaya nga ng isinasaad sa minuto ng nakaraang pulong, isa lamang ito sa nabanggit na requirements.

Hiniling ni G. Allan Lumawig, representante mula sa Tribong Tau-Buid na mabigyan ng clearance ang proyekto ng DPWH at pinangalwahan naman ng representante mula sa Barangay Poypoy, Calintaan. Nagkaroon ng katanungan si G. LP Cordova kung ilan ang mga miyembro ng PAMB na nasa cluster ng San Jose at kung ang mga representante na naroon ay may voting powers ba. Napag-alaman na wala na sa korum ang bilang ng mga miyembro ng PAMB na nasa pagpupulong kaya napagkasunduan na lamang na hintaying maipasa ang iba pang requirement mula sa DPWH. Magkakaroon muli ng update kapag naipasa na ang ibang requirements at kung kinakailangan ay magkaroon ng special meeting upang mapagdesisyunan ito agad. Ipinaalala ng tagapagdaloy na siguraduhing may voting power ang mga dadalo sa pagpupulong upang hindi mahirapan kapag may desisyon na gagawin.

4. Update on Gradual Phase-out of Ranchers inside the Mts. Iglit-Baco Natural Park.

Ito ay ipinresenta ni PASu Diosdado D. Torrado. Sa kanyang presentasyon, sinabi niya na noong taong 2018 ay ipinasa ang batas na ENIPAS o Republic Act 11038 at idineklara ang Mts. Iglit-Baco bilang isang Natural Park. Dahil hindi kasama ang pagpapastuhan sa mga gawaing pinapayagan para sa isang protected Area na may kategoryang Natural Park ay napagdesisyunan na paalisin ang mga ranchero mula sa parke. Nagkaroon ng mga pagpupulong sa hanay ng mga ranchero at hanay ng mga katutubo. Sinabi ng mga katutubo na gusto nilang sa loob ng tatlong taon ay mapaalis ang mga ranchero ngunit humiling ang mga ranchero na gawin itong limang taon. Sinabi ni PASu Torrado na noong umupo siya bilang PASu last October 2020, mayroong nakalagay sa work and financial plan patungkol sa pagpupulong ukol sa pagpapaalis ng mga ranchero mula sa PA. Kaya nagsagawa muli ang PAMO ng pakikipagpulong sa hanay ng mga katutubo upang malaman kung ano ang desisyon nila. Gumawa ng resolusyon ang mga katutubo at sinasabi ditong papaalisin talaga nila ang mga ranchero sa loob ng kanilang lupain. Sumunod namang nakipagpulong ang PAMO sa hanay ng mga ranchero. At pagkatapos ng ginawang Inter-Agency Meeting noong nakaraang taon, inatasan ni RED Ferrer and PENR Office na mamuno sa paghahanap ng lugar na maaring paglipatan ng mga ranchero. At noong nakaraang taon din, ang PENR Office ng DENR ay nag-isyu ng Special Order na gumagawa ng survey team na siyang hahanap ng paglilipatan ng mga ranchero palabas sa Protected Area. Ang chairman ng Survey and Assessment Team ay mula sa CENRO San Jose sa katauhan ni G. Jimmy Duruin at ang Vice-Chairman ay ang PASu ng MIBNP. Base sa ginawang survey, nakita na ang lugar na maaaring paglipatan ng mga pastuhan ay sa munisipyo ng San Jose. Nakipagcoordinate na ang Survey Team kay Mayor Romulo Festin pati na rin sa MPDO ng San Jose. Ang nakitang area na maaaring paglipatan ay nasasakupan ng Barangay Monteclaro at Naibwan. Noong Pebrero 11, 2021, nagsagawa na rin ang PAMO ng pakikipagpulong kasama ang mga ranchero at ipinresenta nila ang mga lugar na maaaring paglipatan ng mga pastuhan.

Matapos ang presentasyon, hiniling ni G. LP Cordova na ipakita ang mapa kung saan maaring lumipat ang mga pastuhan at kung ano ang mga napag-usapan sa pakikipagpulong sa mga ranchero. Sinabi ni PASu Torrado na mayroong dumalong mga katutubo sa naging pagpupulong ngunit ang kanilang baka ay nasa dalawa o tatlo lamang. Nagkaroon rin ng katanungan ang mga ranchero kung ang limang taon na tinukoy ay magsisimula pa lamang kapag mayroon ng relocation site. Sinabi rin ni PASu Torrado na mayroong mga ranchero na pumapayag sa paglilipat kapag maayos na ang mga kinakailangang papel. Ang iba pang naging katanungan ng mga ranchero sa pagpupulong ay sasagutin na lamang sa Inter-Agency Meeting na gaganapin sa March 18 o April 15 ng taong kasalukuyan. Ipinakita rin sa mapa na ang proposed area na paglilipatan ay may

kabuuang sukat na 6000 hectares ngunit ang nasa parteng Occidental ay may kabuuang sukat na 4000 hectares.

Nagpahayag ng saloobin si G. Lagtum Pasag patungkol sa sinasabing lugar na paglilipatan lalo na sa may parte ng Oriental. Sinabi niyang ang lugar na ito ay nasasakupan ng CADT o CADC ng mga Tau Buid, Buhid at tribo ng Bangon. Nakiusap siya sa PAMB na dapat magcomply sa FPIC dahil may pamayanan lalo na sa parte ng Oriental.

Napagkasunduan na sa gagawin ang Inter-Agency Meeting sa March 18 or April 15 at muling magbibigay ng update sa susunod na pagpupulong ng PAMB.

5. Protected Area Management Board Workshop for CY 2021

Patungkol sa Workshop ng Protected Area Management Board para sa taong 2021, ipinresenta ni Asst. PASu Neil Anthony Del Mundo ang Work and Financial Plan ng BCAMP kung saan mayroong nakatarget na training para sa PAMO at miyembro ng PAMB. Sinabi niya na gagawin na lamang itong Workshop upang bumuo ng Technical Working Group para mapabilis ang mga usapan tuwing PAMB Meeting. Ito na rin ang magiging iskedyul upang tapusin ang PAMB Operations Manual. Sinabi niyang mahalagang matapos ang Operations Manual upang maipatupad ang mga isinasaad dito gaya ng kapag mayroong tatlong magkakasunod na hindi pagdalo sa pagpupulong ay hindi na magiging bahagi ng PAMB. Isa pang gagawin sa workshop ay ang streamlining ng permit requirements sa Financial Planning for 2022. Ito ay kung papayag ang kapulungan at ito ay target na gawin bago magpangalawang quarter o bago ang ikalawang regular na pagpupulong ng PAMB. Ang tentative schedule ay sa May 3-7, 2021.

Nagbigay ng komento ang representante ng NEDA na isapinal muna ang disenyo at Terms of Reference ng gagawing PAMB Workshop. Nakalagay sa agenda na ito ay para sa impormasyon ng kapulungan kaya mahalaga na mayroong petsa, objective at iba pang impormasyon na nilalaman TOR o activity design. Kapag nagawa na ito ay ipadala na lamang muli sa mga miyembro ng PAMB. Nagbigay ng saloobin si G. Lagtum Pasag patungkol sa gagawing Streamlining of Permits sa Workshop. Sinabi niyang dapat may partisipasyon ang katutubo at konektado ito sa kanilang ADSDPP. Nilinaw naman ni G. LP Cordova na kasama talaga ang partisipasyon ng katutubo sa mga management focus na nakalagay sa proposed Management Plan ng MIBNP.

D. Other matters

1. Opening of Mts. Iglit-Baco Natural Park to Local Tourists.

Ibinahagi ni Asst. PASu Neil Del Mundo ang tungkol sa posibilidad ng muling pagbubukas ng parke para sa mga local na turista. Sinabi niyang mayroong inilabas na guidelines ang opisina ng gobernador na pinapayagan na ang pagbubukas ng mga tourist destination basta mag-ooperate lamang sa 50% ng kapasidad at mga local na residente lamang ng Occidental Mindoro ang pinapayagan. Kailangan magpasa ng sulat sa gobernador na humihiling na muling payagang magbukas ang parke pati na rin ng resumption plan.

Sinabi ng representante ng LGU Calintaan na maari silang tumulong sa paniningil at ang maaari ring gamitin ang TIEZA building sa Station 1 upang paupahan sa local na turista na gustong matulog doon. Hiniling din niya kung maaaring isang resibo na lamang ang gawin upang hindi na maguluhan ang mga bisita. Iminungkahi nya rin na sa gagawing letter intent ay isama ang Waste Management dahil napakaraming basura ang nakikita sa parke.

Hiniling ni Asst. PASu Neil Anthony Del Mundo na bago muling magbukas ang parke ay magkaroon ng Clean-up Drive kasama ang mga taga-barangay Poypoy at munisipyo ng Calintaan. Sinabi ni MENRO Robert Duquil na tutulong naman siya sa pagcocompute ng carrying capacity ng parke.

Napagkasunduan na sa pangalwang linggo ng Marso ay ipapasa ang draft ng resumption plan para sa muling pagbubukas ng parke. Tutulong sa pagbuo nito sila MENRO Duquil mula LGU Sablayan, Forester Sansano at G. LP Cordova mula sa PGO, at representante mula sa Tourism Office ng Calintaan, Sablayan at Rizal.

2. Comments/Approval of Audio-Visual Presentation from Redroots Artist Cooperative.

Hiniling ni Planning Officer John Paul Santelices ang pag-apruba sa ginawang Audio-Visual Presentation ng RedRoots Cooperative dahil matagal ng natapos ang kontrata ukol dito. Sinabi niyang napadalhan na ng kopya ng Audio-Visual Presentation ang mga miyembro at nabigyan na sila ng pagkakataon na magbigay ng komento. Kinakailangan ang pag-apruba ng kapulungan upang maiproseso na ang pagbabayad sa RedRoots. Ang ginawang audio-visual presentation ng RedRoots ay ang ipinapakita tuwing bago magsimula at nagkakaroon ng break sa mga pagpupulong. Nagkomento si G. Lagtum Pasag na kung maaari ay makahingi sila ng kopya upang makapagbigay rin ng komento.

Napagkasunduan ng mga miyembro na aprubahan na ang inihaing Audio-Biswal na presentasyon mula sa RedRoots Artist Cooperative dahil nakapagkomento na ang ibang ahensya at nabago na ng RedRoots ang presentasyon base sa mga komentong ibinigay. Para naman sa kahilingan ng representante mula sa Oriental, hiniling ni G. Santelices na ibigay nila ang kanilang email address upang mapadalhan sila ng kopya.

3. Creation of Technical Working Committee for the review of PAMB Manual of Operations.

Hiniling ni Asst. PASu Neil Anthony Del Mundo na magkaroon rin ng Technical Working Committee na tututok sa ginagawang PAMB Manual of Operations. Hiniling niya rin na magpasa na ng komento ang mga miyembro para sa pagsasapinal ng Operations Manual. Sinabi rin niyang ang pagpapasa ng komento ay hanggang pangalwang linggo lamang ng Marso.

Hiniling rin ni Bb. Grace Diamante kung maaaring sa google drive ilagay ang draft ng PAMB Manual of Operations upang makita ang mga komento at kung sino ang huling nagpapadala ng komento.

4. Closing of the Park particularly in the Magtangkob River.

Patungkol sa pagsasara ng parke lalo na ang Magtangkob River sa Station 1, ipinaliwanag ni PASu Diosdado Torrado na ito ay pagtugon sa kahilingan ng mga katutubo sa lugar. Sinabi niyang napansin ng pamayanan na napakaraming tao ang pumupunta sa ilog ng Magtangkob at dumadami na rin ang basura na nagiging kalat sa lugar. Ang kahilingang ito ng pamayanan ay tinugunan ng PAMO sa pamamagitan ng paglalagay ng tarpaulin na nagsasabing kasalukuyang sarado ang MIBNP sa mga bisita. Ang mga tarpaulin na ito ay ipinaskil sa may Station 1, sa barangay at pati na rin sa kalsada bago pumasok sa Barangay Poypoy. Ang nilalaman ng tarpaulin ay ipinost na rin sa Facebook page ng Mts. Iglit-Baco Natural Park.

Nagkaroon ng komento ang bisita mula sa LGU Calintaan at sinabing handa silang tumulong para sa pagpapatupad ng pagsasara ng parke at maaari rin nilang pakiusapan ang Philippine Army na harangan ang sino mang papasok sa lugar. Hiniling ni Bb. Grace Diamante na maaring gamitin ang social media, local na tourism office at provincial tourism upang mas maipakalat ang impormasyon ukol sa pagsasara ng parke.

5. Gathering of Boulders from the Protected Area.

Ibinahagi ni Bb. Daisy Gongora sa kapulungan ang patungkol sa pagkuha ng mga bato mula sa Protected Area. Sinabi niyang ang mga batong kinukuha ay ginagamit sa proyekto ng DPWH gaya ng protection gap o riprap. Sinabi niyang may kumukuha rin para sa ginagawang tulay para sa New Dagupan. Ayon kay Bb. Gongora, ang mga batong ito ay kinukuha sa Barangay Malpalon at Barangay Poypoy. Noong nakaraang bumisita sa Barangay Poypoy sina PASu Torrado at Bb. Diamante ay nakita nila ang mga naghahakot ng bato at ipinag-utos na ipatigil muna ito at pag-usapan sa pagpupulong ng PAMB.

Hiniling ni G. LP Cordova na ipaliwanag kung paano ba ang pagbibigay ng permit sa pagkuha ng malalaking bato, buhangin at iba pa. Sinabi ni G. Edwin Sansano na isa din ang quarry permit sa kailangang icomply ng DPWH katulad ng ibang permit na iniissue ng DENR at PAMB. Sinabi niyang may permit na naibigay sa Barangay Malpalon ngunit hindi pa ito narerenew sa kadahilanang apat na taon nang walang proyekto doon ang DPWH at hindi rin pumayag si Kapitan Sanny Morella dahil baka masira ang kanilang kalsada. Sa quarry permit naman, kailangang magbayad ng quarry fee at stockpile fee sa probinsya. Ang sharing sa bayad na ito ay 30% sa probinsya, 30% sa munisipyo at 40% sa barangay. Nagpunta na ang mga kawani ng barangay sa kanilang tanggapan at hinanap kung sino ang contractor ng proyekto upang makapagpasa ng Program of Works. Sinabi rin ni G. Sansano na sa mga proyekto ng DPWH na wala pang permit ay pinapagsecure nila ng clearance na manggagaling sa barangay at munisipyo.

Isinuhestyon ni G. LP Cordova na iverify kung wala pang permit ang kumukuha ng bato sa Protected Area at kung mayroon na ba silang barangay at municipality clearance. Idinagdag ni G. Sansano na sinasabi sa ENIPAS na kailangan din nito ng clearance mula sa PAMB. Sinabi ni Kapitan Daisy Gongora at representante ng LGU Calintaan na wala pa silang clearance na naibibigay sa mga kontraktor ng DPWH.

Nagbigay ng pahayag si MENRO Robert Duquil at sinabing ipinagbabawal ang pagmimina sa loob ng PA. Sinabi niyang ang quarry ay bahagi na rin ng mining dahil sa kinukuhang mga malalaking bato. Sinabi ni G. Edwin Sansano na kapag sinabing quarry ay kasama ang mga boulders, soil at iba pa para maikonsiderang pagmimina. Nakalagay din aniya sa prohibited act ng ENIPAS na ang ipinagbabawal ay kapag ginagamit sa commercial ngunit ang mga kinukuha naman ngayon sa parke ay para sa proyekto ng gobyerno.

Sinabi ni G. LP Cordova na hindi dapat exempted ang DPWH at kinakailangan pa rin nilang icomply ang mga minimum requirement tulad ng ibang local clearance bago sila mapahintulutan na kumuha ng bato mula sa parke.

Sinabi ni Forester Rodel Boyles na malaking usapan ito bago payagan at talagang ipinagbabawal ang pagkuha ng bato mula sa Protected Area. Marami pang permit ang kailangang icomply sa lebel ng region at ito ay titimbangin at pag-aaralan pa ng nakatataas.

Iminungkahi ni Kapitana Daisy Gongora na bisitahin ng mga miyembro ng kapulungan ang lugar kung saan kumukuha ng bato mula sa Protected Area. Napagkasunduan ma bibisitahin sa susunod na araw ang lugar, ganap na ika-9:00 ng

umaga. Ang mga bibisita sa lugar ay sina PASu Diosdado Torrado, Kapitan Daisy Gongora, MENRO Robert Duquil, PG ENRO Edwin Sansano at G. Allan Lumawig, representante ng tribong Tau-Buid.

E. Pagtatapos ng Pagpupulong

Matapos mapag-usapan ang mga nakahaing paksa at wala ng ibang paglilinaw, ang pagpupulong ay natapos ganap na ika-5:20 ng hapon.

Inihanda ni:

Sinuri at pinatotohanan ni:

DIANA ROSE S. BERNABE
Kasaping Tagatala ng PAMB
Park Ranger, MIBNP PAMO

DIOSDADO D. TORRADO
Punong Tagatala ng PAMB
Forester II / PASu, MIBNP

Pinatutunayang Wasto at Kinikilala:

MA. LOURDES G. FERRER, CESO III
Ang Punong Lupon ng PAMB
The Regional Executive Director
DENR MIMAROPA Region